JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 5:
## Sariling Disiplina sa Pagsunod sa mga Batas



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Nakapunta ka na ba sa ibang lugar? Ikaw ba ay nakapasyal na sa mga mall o kaya sa parke? Naranasan mo na ba ang "mag-*mountaineering*"? May napansin ka ba na nakapaskil na mga babala o *signages*? Ano ba ang halaga ng mga ito? Paano kaya kung wala ang mga ito?

Ang disiplina ay kakambal ng kabutihan. Ang taong may sariling disiplina ay gumagawa kung ano ang mabuti at mainam para sa lahat. Ang taong may disiplina ay kahanga-hanga at mayroon ding maayos na kinabukasan. Ang pagkakaroon ng pansariling disiplina ay bunga ng positibong pagtugon sa kung ano ang magandang ibinubulong ng sariling konsensiya. Kapag ang lahat ng tao ay may disiplina, magdudulot ito ng katiwasayan sa lipunan at lubos na kaunlaran ng bansa.

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang kahalagahan ng sariling disiplina at pagtugon sa mga panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kalikasan.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

11. Nakasusunod sa mga batas/panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakakita.

EsP4-III-e-f21



# Subukin

Basahin ang bawat pahayag at iguhit ang masayang mukha  kung tama at malungkot  naman kung mali.

______1. Tumulong sa mga programang pangkalikasan at pangkapaligiran sa paaralan.
_____2. Paghiwalayin ang mga nabubulok sa hindi-nabubulok. Isapuso ang 3R's na nangahulugang Reduce, Reuse at Recycle.
_____3. Pumitas ng naiibigang bulaklak lalo't walang nakakakita.
_____4. Pagpigil sa mga pang-aabuso sa lupa, tulad ng reforestation at deforestation, walang habas na pagkuha ng mga likas na yaman at panghuhuli ng mga hayop upang ibenta.

_____5. Patuloy na pagtatapon ng mga basura sa mga ilog, kanal, at sapa.

| Modyul 5 | Sariling Disiplina sa Pagsunod sa mga Batas |
|---|---|



# Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan at naunawaan ang mga gawaing nagpapakita ng pagpapahalaga sa iba’t ibang kultura ng mga pangkat etniko sa ating bansa. Makikita ito sa mga kasuotan, kuwentong bayan, sayaw, awit, laro at iba pa. Ang kultura ay kaluluwa ng ating lahi na hindi dapat mapahiwalay at makalimutan dahil ito ang nagpapatunay ng ating pagiging makabansa.

Gawain A: **Puzzle**

**Panuto:** Tingnan ang *puzzle*. Hanapin ang sampung salita na tumutukoy sa kulturang Pilipino.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **M** | **I** | **B** | **P** | **A** | **S** | **S** | **M** | **R** | **I** | **N** | **A** | **O** | **P** |
| **R** | **S** | **U** | **B** | **A** | **N** | **O** | **N** | **E** | **S** | **D** | **Q** | **W** | **M** |
| **D** | **A** | **Y** | **A** | **N** | **G** | **D** | **A** | **Y** | **A** | **N** | **G** | **T** | **A** |
| **B** | **Y** | **O** | **G** | **K** | **E** | **M** | **D** | **C** | **L** | **T** | **R** | **‘** | **S** |
| **U** | **O** | **R** | **S** | **I** | **M** | **B** | **A** | **N** | **G** | **G** | **A** | **B** | **I** |
| **G** | **W** | **A** | **G** | **O** | **N** | **G** | **B** | **M** | **P** | **U** | **E** | **O** | **H** |
| **T** | **X** | **W** | **Z** | **Q** | **X** | **S** | **Y** | **D** | **A** | **S** | **A** | **L** | **L** |
| **O** | **S** | **A** | **L** | **A** | **W** | **I** | **K** | **A** | **I** | **N** | **H** | **I** | **K** |
| **N** | **Z** | **J** | **M** | **L** | **I** | **P** | **A** | **E** | **S** | **T** | **O** | **K** | **I** |
| **G** | **T** | **D** | **A** | **N** | **D** | **A** | **N** | **S** | **O** | **Y** | **A** | **N** | **T** |



# Tuklasin

Sabahaging ito, mapag-aaralan mo ang kahalagahan ng sariling disiplina sa pagsunod sa mga batas.

Basahin ang dayalogo ng mag-ama at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Araw ng Sabado, masayang gumising nang maaga si Abby upang maghanda sa pagsama niya sa kanyang Tatay para mag-*mountaineering* sa Mt. Timolan. Siya ay nasasabik na makita ang kagandahan ng lugar at maranasan ang maligo sa lawa.

Abby: Naku, Tay! Hindi na ako makapaghintay na lumangoy sa lawa. Totoo ba talaga na maganda ang lugar na pupuntahan natin?

Tatay: Oo, sigurado na magsasaya ka doon. Napakaganda ng tanawin at may mga ibon at makukulay na bulaklak.

Abby: Ayon, sa aking nabasa doon sa Mt. Timolan matatagpuan ang napakagandang hugis puso na lawa.

Tatay: Tama, kaya maraming dumarayo sa lugar na iyon. Ang ating lokal na pamahalaan ay naglagay ng mga babala at tagapangasiwa ng oryentasyon sa mga turista na pumupunta para mapanatili ang kagandahan ng lugar at mapangalagaan ang mga nanganganib na hayop at mga halaman.

Abby: Mayroon po ba tayong batas para sa proteksiyon at pangangalaga ng kalikasan at kapaligiran?

Tatay: Isa sa mga batas ay ang Republic Act 9147 *"Wildlife Resources Conservation and Protection Act",* ito ang nagbibigay proteksiyon at pangangalaga sa mga nanganganib na hayop, halaman at ang kanilang tirahan. Ang *Department of Environment and Natural Resources o DENR ay* ahensiya ng gobyerno na tumutulong din na maipatupad ang batas na ito. Ang Republic Act 9512: *Environmental Awareness and Education Act of 2008* ay isa din sa batas na itinataguyod ang kamalayan tungkol sa kapaligiran sa pamamagitan ng *Environmental Education.*

Abby: Ganoon po ba? Simula ngayon ay isaisip at isapuso ko po ang pagsunod sa mga batas na ito.

Tatay: Tama anak, dahil ang pagsunod sa batas o mga babala ay nagpapatunay na ikaw ay may disiplina sa sarili, mayroon man o walang nakakakita sa lahat ng inyong ginawa.

Abby: Maraming salamat po sa mga paalala, Tay!

**Sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Sino ang sasama mag-*mountaineering*?

   A. Abby B. Ybba C. Ybboy D. Yobby

2. Saan matatagpuan ang hugis puso na lawa?

   A. Mt. Pinukis C. Mt. Timolan

   B. Mt. Susong Dalaga D. Mt. Malindang

3. Anong batas ang nagbibigay proteksiyon at pangangalaga sa mga nanganganib na hayop, halaman at ang kanilang tirahan?

   A. R.A. 9147 B. R.A. 9512 C. R.A. 9003 D. R.A. 85

4. Anong batas sa pagpapanatili ng kaayusan at pangangalaga sa kalikasan ang dapat ipasunod upang mapanatili ang kagandahan ng kapaligiran?

   A. Bawal Manigarilyo Dito C. Iwasan ang Pagtapak sa Damuha

   B. Bawal Mamitas ng Bulaklak Dito D. Tumawid sa Tamang Tawiran

5. Paano mo maipapakita ang disiplina sa sarili?

   A. Pagsunod sa batas at mga babala upang mapanatili ang kaayusan ng nakakarami.

   B. Balewalain ang mga babalang nakikita sa paligid.

   C. Pagsunod sa mga babala kung may nakakakita lamang.

   D. Lahat nang nabanggit.



# Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim ang iyong pang-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng pansariling disiplina na magdudulot ng katiwasayan sa lipunan.

**Gawain: Ipahayag Mo!**

Panuto: Sumulat ng isang pangungusap kung ano ang dapat mong magawa bilang disiplinadong mamamayan para sa sumusunod na larawan.




ilog na marumi at may karatulang 'Bawal magtapon ng basura.'

________________________________________

________________________________________

________________________________________



lalaking nagpuputol ng puno at may karatulang '*Save the forests*'

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Palalimin ang iyong pang-unawa sa larawan sa itaas sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang naidudulot ng may disiplina sa sarili ukol sa pag aalaga ng kalikasan?

____________________________________________________________

2. Paano mo magaganyak ang iyong mga kamag-aral, mga kapamilya at mga kapwa na magkaroon ng disiplina sa sarili para sa kapaligiran?

____________________________________________________________



# Pagyamanin

**Panuto:** Gumawa ng Slogan sa loob ng kahon kung paano mapapangalagaan ang kapaligiran.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Paggawa ng Slogan**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **10** | **7** | **4** |
| Nilalaman | Malinaw na naipahayag ang ideya sa ginawa na slogan. Lahat ng salita na ginamit ay malinaw. | Hindi masyadong malinaw ngunit may punto ang ginawa na slogan. 1-2 sa mga salita na ginamit ang hindi malinaw | Malayo sa paksa ang ginawa na slogan |
| Pagkamalikhain | Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik | Maganda ngunit di-gaanong malinaw ang pagkasulat ng mga titik. | Di maganda at Malabo ang pagkasulat ng mga titik |
| Kaugnayan | May malaking kaugnayan sa paksang slogan | Kaunti lang ang kaugnayan sa islogan sa paksa | Walang kaugnayan sa islogan sa paksa |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkakabuo | Di-gaanong malinis ang pagkakabuo | Marumi ang pagkakabuo |



# Isaisip

**Hand Stamping at Panata sa Kapaligiran**

1. Gamit ang water color na berde, lagyan ng kulay ang palad na hindi ginagamit sa pagsusulat.
2. Kapag sigurado ka na, at puno na ng kulay ang bawat daliri ay sabay-sabay mong ii-stamp sa isang nakahandang bond paper.
3. Hayaan mo na itong matuyo.
4. Habang nagpapatuyo ay buuin mo ang "Panata para sa Kapaligiran" na nasa ibaba. Buuin mo ang pangungusap at kapag sigurado ka na sa iyong panata ay isulat ito ng may disenyo sa ilalim ng ini-stamp mong daliri sa bond paper.



**PANATA PARA SA KAPALIGIRAN**

Ako ay nilalang ng Diyos katulad din ng kalikasan. Katungkulan ko na pangangalagaan ang kapaligiran at ang kalikasan.

Para sa ikagaganda ng kapaligiran, ako ay ________________________________________. Para sa kalinisan nito, ako ay __________________________________________________________. Para tularan ako ng aking mga kamag-aaral, ako ay _______________________________________ upang matuwa ang aking mga magulang. Nais ko ring ang buong bansa at ang mundo ay maging ligtas kaya ako ay susunod sa ________________________________________.

Kasihan nawa ako ng Poong Maykapal.



# Isagawa

**Panuto:** Sipiin ang talahanayan at sagutin. Gaano mo kadalas gawin ang mga sumusunod:

Lagyan ng ☆ kung palagi, △ kung pa minsan-minsan, ◯ kung hindi.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nakikiisa ako sa paglilinis ng silid-aralan kapag araw na ng paglilinis ng aming pangkat. | | | |
| 2. Hindi ko itinatapon sa bintana ng sasakyan ang mga balat ng pagkain matapos kumain kapag ako ay nagbibiyahe. | | | |
| 3. Inilalagay ko muna sa bulsa ang aking basura kapag nakita kong walang basurahan sa paligid. | | | |
| 4. Nakikiisa ako at tumutulong sa mga programang pangkalinisan at pangkapaligiran sa aming paaralan. | | | |
| 5. Pinupulot ko ang mga kalat sa mga pasilyo at iba pang lugar sa paaralan kahit walang nag-uutos sa akin. | | | |



# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Anong ahensiya ng gobyerno ang tumutulong na mapangalagaan at maprotektahan ang mga likas na yaman ng ating bansa?
   A. Kagawaran ng Edukasyon
   B. Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman
   C. Kagawaran ng Kalusugan
   D. Kagawaran ng Kalakalan at Industriya ng Pilipinas

2. Anong batas ang tumataguyod ng kamalayan tungkol sa kapaligiran sa pamamagitan ng *"Environmental Education"*?
   A. RA 9512 B. RA 9262 C. RA 9344 D. RA 9165

3. Ano ang kakambal ng kabutihan at bunga ng positibong pagtugon sa kung ano ang magandang ibinubulong ng sariling konsensiya?
   A. Pansariling disiplina
   B. Pansariling interes
   C. Pansariling kakayahan
   D. Pansariling kaalaman

4. Ano ang kahulugan ng "*recycling*"?
   A. Paggamit muli ng mga patapong bagay na puwedeng mapakinabangan.
   B. Paghiwa-hiwalay ng mga basura.
   C. Paglilinis ng mga boteng babasagin at plastic.
   D. Pagsusunog ng mga pinagsama-samang basura.

5. Napansin mo na ang basura ng iyong kapitbahay ay pinagbubukod-bukod ngunit hindi ganito ang iyong nakasanayan. Ano ang gagawin mo?
   A. Balewalain ang napansin na kaayusan na pagbubukod-bukod ng basura.
   B. Ipabigay alam sa punong barangay ng mabigyan sila ng pabuya.
   C. Pagsikapan na gawin ang pagbubukod ng mga basura katulad ng ginawa ng iyong kapitbahay.
   D. Pabayaan ang kapitbahay na siyang magbubukod ng iyong basura.

6. Masaya kayong naglalaro at naghahabulan ng iyong mga kaibigan sa plaza. Sa iyong paglalaro ay nakaramdam ka ng matinding pag-ihi ngunit malayo naman ang palikuran. Kung sa likuran ng kahoy ka iihi ay wala namang makakakita sa iyo. Ano ang gagawin mo?
   A. Tatalikod saglit at umihi sa kahoy dahil wala namang makakakita.
   B. Magmadaling pumunta sa palikuran kahit na malayo.
   C. Kahit saan basta maka-ihi lang.
   D. Hindi na ako iihi at pipigilan na lang ito.

7. Nangangamoy na ang inyong mga basura ngunit hindi mo pa ito mailalabas kundi sa mismong araw ng paghahakot ng basurang nabubulok, ayon sa ordinansa. Ano ang gagawin mo?
   A. Ilalabas ko na ang basura kahit hindi pa araw ng kolekta dahil mabaho at nangangamoy na.
   B. Ilalagay ko sa bakuran ng kapitbahay kapag walang nakakakita.
   C. Ibabaon ko sa lupa upang maging pataba.
   D. Ipaaanod ko na lang sa ilog para wala nang basurang mangamoy.

8. Ang inyong barangay ay may proyektong Clean and Green. May mga miyembro na inatasan upang maglinis, magtanim at mangalaga sa halaman at puno na itinanim. Nakita mo na hindi nadiligan ang puno at halaman na malapit sa inyong bakuran at ito ay nalalanta na. Ano ang iyong gagawin?
   A. Tatawagin ang kapitan ng barangay upang ipakita na namamatay na ang mga tanim.
   B. Hindi mo papansinin at hahayaan na lang na mamatay ang mga tanim.

C. Tatawagin ang taong inatasan na mangalaga sa tapat ng inyong bakuran upang diligan ang mga puno at halaman.
D. Didiligin mo ang mga halaman kahit hindi ikaw ang inatasan na magdilig at mangalaga dito.

9. Sa inyong bakuran ay nakita mo na maraming tuyong dahon na nakakalat sa paligid. Naisipan mong magwalis ngunit wala ka nang paglalagyan ng mga ito dahil umaapaw na ang basurahan ninyo. Ano ang gagawin mo?
A. Itigil ang pagwawalis at pabayaan ang mga tuyong dahon sa paligid.
B. Kumuha ng posporo pagkatapos ay sunugin ang lahat ng tuyong dahon.
C. Humanap ng ibang paglalagyan ng mga tuyong dahon at doon ipunin.
D. Ipaubaya sa iba ang paglilinis sa inyong paligid.

10. Ano ang puwedeng mangyari kung patuloy na walang disiplina ang mga tao sa pamamahala ng kanilang basura?
A. Magiging malinis pa rin ang paligid dahil may nangongolekta naman ng basura.
B. Tuluyan ng magiging marumi at walang kaayusan ang ating kapaligiran.
C. Maraming tao ang yayaman dahil sa pagbebenta ng mga basurang itinapon.
D. Mag-aaway-away ang mga tao sahil mag-uunahan sa pagkuha ng basura na puwedeng ibenta.




# Karagdagang Gawain


Ano ang kabutihang maidudulot kung isasagawa ang mapanuring pag-iisip sa tamang pamamaraan ng pag -aalaga sa kalikasan? Isulat ang iyong mga sagot sa isang malinis na papel.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**



**Balikan**



**Tuklasin**

1. A
2. C
3. A
4. B
5. A

**Tayahin**

1. B
2. A
3. A.
4. C
5. C
6. B
7. C
8. D
9. C
10. B

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao IV , Kagamitan ng Mag-aaral , ph 219-229
- Kagawaran ng Edukasyon, Edukayon sa Pagpapakatao IV, Patnubay ng Guro, ph 136-142



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: MARISOL V. LAYUGUE**
Teacher-III, Poloyagan Elementary School
District 9, Division of Pagadian City

**Editors/QA: JUANITO N. CANTILA JR., EdD**
OIC-PSDS, District 14
**Tagasuri:**
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:**
**Tagapamahala:**
**DANNY B. CORDOVA, EdD, CESO VI**
OIC Schools Division Superintendent
**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent
**MARIA DIOSA Z. PERALTA**
CID, CHIEF
**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**
EPS-LRMDS
**JOVITA S. DUGENIA**
EPS-EsP

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.